# Mga Pioneer sa iba't ibang panig ng Mundo

## American Samoa

"Oo ang Sinabi ng Diyos"

Si Leva 'aia Levao ay namuhay nang may malalang mga problema sa kalusugan. Noong 2015, nagkaroon siya ng mga pigsa sa kanyang mga mata. Gumaling ang mga pigsa matapos siyang bigyan ng mga missionary ng basbas ng priesthood. Sinimulan nila ang pagbabasa ng Aklat ni Mormon kasama siya.

Hindi nasiyahan ang ilang tao sa maliit na komunidad ng isla na makita si Levao na nagsasaalang-alang ng isang bagong relihiyon. Kinutya nila ang kanyang mga pagsisikap at siya ay minaliit. Gayunpaman, nanatili siyang matatag at kalaunan ay nabinyagan. Hindi nagtagal ay sumapi rin sa Simbahan ang asawa niyang si Tui, at ang kanyang tatlong anak, at kalaunan ay naglingkod si Levao sa kanyang branch bilang pangulo ng Relief Society. Ang iba pa, na naimpluwensyahan ng kanyang halimbawa ng katapatan, ay tinawag siyang puso ng Simbahan sa Olosega.

## South Korea

"Hindi na Ako Kailanman Muling Lalamigin"

Si Choi Dong Sull ay isang Presbyterian minister na nakadamang responsibilidad niya na protektahan ang mga miyembro ng kanyang kongregasyon mula sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Gayunpaman, nagsimula siyang makipagkita sa mga missionary at naliwanagan sa mga isyu ng doktrina na bumagabag sa kanya. Batid niyang ang kanyang mga bagong paniniwala ay mangangailangan ng pagbabago ng propesyon at maaapektuhan ang ugnayan niya sa kanyang ama, na tagapamahala ng Simbahang Presbyterian ng Korea sa panahong iyon.

Pinili ni Dong Sull na magpabinyag sa Han River. "Gusto kong ang binyag ko ay maging karanasang katulad ng kay Jesucristo hangga't maaari," paliwanag niya. Noong mahamog na umaga ng Setyembre 5, 1981, ang tubig ng Han River ay malamig, ngunit nang umahon siya mula sa tubig, inilarawan ni Dong Sull ang init na nadama niya sa kanyang kalooban. "Ngayon ay kabilang na ako sa totoong Simbahan ng Diyos," sabi niya. "Hindi na ako kailanman muling lalamigin." Makalipas ang dalawang linggo, nabinyagan din ang kanyang asawa at dalawang anak na lalaki—sa pagkakataong ito sa isang mainit na meetinghouse. Ang pagsapi sa Simbahan ay hindi naging madali para kay Dong Sull at sa kanyang pamilya, ngunit nagbigay-daan ito sa mga bagong pagpapala. "Ang mga pag-uusig at pagdurusa . . . matapos akong mabinyagan ay hindi ko kayang mailarawan sa salita," sabi ni Dong Sull. "Marami ang nawala sa amin sa [pagsapi sa Simbahan], subalit nagkaroon kami nang higit pa kaysa pinangarap namin."

## Côte d'Ivoire

"Mga Pintuan ng Buhay at Kaligayahan"

Si Lydie Zebo Bahie ang huling anak sa kanyang pamilya na nakatira sa tahanan ng kanyang mga magulang nang pumanaw ang mga ito. Ang pagpanaw na ito ay nagdulot sa kanya ng matinding depresyon. Ipinakilala siya ng kanyang pamangkin na si Faet Nadege, sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Nang magsimba siya sa unang pagkakataon, nakadama si Lydie ng matinding pagmamahal mula sa kababaihan ng mga organisasyon ng Relief Society at Young Women. Bagama't tumigil siya sa pagbabasa sa panahon ng kanyang depresyon, nakita niya ang kanyang sarili na nakakapokus na muli nang pag-aralan niya ang Aklat ni Mormon. Nabinyagan siya noong Nobyembre 18, 1995.

Hindi nagtagal matapos ang kanyang binyag, nakatanggap siya ng pagkakataong ibalik ang pagmamahal na ipinakita sa kanya sa pamamagitan ng paglilingkod sa mga organisasyon ng Relief Society at Young Women. Naglingkod rin siya bilang missionary ng branch, nag-aanyaya sa iba na tuklasin ang gayon ding pagkakaibigan at kapayapaan na natagpuan niya kamakailan. "Pinalakas ako ng lahat ng tungkuling ito at tinulungang umunlad, kapwa sa espirituwal at mental," sabi ni Lydie.

Si Lydie ang isa sa mga unang sister missionary na naglingkod sa Democratic Republic of the Congo Kinshasa Mission.



© 2025 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_474-1